



### **Magsasara ang mga counter ng customer service sa mga terminal ng Brampton Transit bilang tugon sa COVID-19 simula Abril 27**

BRAMPTON, ON (Abril 23, 2020) – Para matiyak na ligtas na pinaglilingkuran ng Brampton Transit ang komunidad nito sa panahon ng COVID-19 emergency, ang mga counter ng customer service sa mga terminal ng transit (Bramalea Terminal, Brampton Gateway Terminal, Downtown Terminal) ay isasara simula Abril 27 hanggang sa karagdagang abiso. Mananatiling bukas ang mga gusali para sa pag-access sa mga pasilidad ng washroom. Bukod pa, isasara ang gusali ng Trinity Common Terminal hanggang sa karagdagang abiso.

Ang mga counter ng customer service sa ating mga terminal ay nakasaksi ng mababang dami ng mga transaksyon sa pinakahuling mga linggo, dahil sa mga pagbabago sa mga operation ng transit tulad ng binawasang serbisyo at libreng mga pamasahe.

Ang mga pasaherong nangangailangan na mag-load sa kanilang mga PRESTO card ay maaaring gawin ito online sa [www.PRESTOcard.ca](http://www.PRESTOcard.ca) o sa PRESTO Ticket Vending Machines na available sa Bramalea Terminal at Downtown Terminal. Para sa mga iskedyul at pagpapalano ng biyahe, ang mga rider ay pwedeng kumonekta sa Brampton Transit sa pamamagitan ng Contact Centre sa 905.874.2999.

#### **Mga pangkaligtasang hakbang sa COVID-19**

Ang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay ginagawa pa rin. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga surface, mga compartment at mga upuan ng operator kada 48 oras. Kasalukuyang sina-sanitize ang karamihan sa mga bus kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw o surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw. Hinihikayat ang mga sumasakay na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyahe, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Tanggapan ng Brampton Emergency Management para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang [www.brampton.ca/covid19](http://www.brampton.ca/covid19) para sa regular na mga update at bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com) o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

#### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)